



Oh Ang Dugo ni Jesus

Noong 1920, sinulat ni Anna W. Waterman ang isa sa pinakamakapangyarihan na awit na galing sa:

1 Juan 1:7 “Ngunit kung namumuhay tayo sa liwanag, kung paanong siya’y nasa liwanag, tayo’y nagkakaisa at nililinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak sa lahat ng ating kasalanan.”

Narito ang linya ng awiting “Yes I Know”:

Yes I Know

By:

[Anna W. Waterman](#), c.1920

http://library.timelesstruths.org/music/Yes_I_Know/

Come, ye sinners, lost and hopeless,
Jesus’ blood can make you free;
For He saved the worst among you,
When He saved a wretch like me.

Refrain:

And I know, yes, I know
Jesus’ blood can make the vilest sinner clean,
And I know, yes, I know
Jesus’ blood can make the vilest sinner clean.
To the faint He giveth power,
Through the mountains makes a way;
Findeth water in the desert,
Turns the night to golden day.
In temptation He is near thee,
Holds the pow’rs of hell at bay;
Guides you to the path of safety,
Gives you grace for every day.
He will keep thee while the ages
Roll throughout eternity;
Though earth hinders and hell rages,
All must work for good to thee.

Bakit ko nasabi na ang awiting ito “Yes I Know” ay isa sa pinakamakapangyarihan na awit sa mundo? Nasabi ko ito dahil tama si Anna W. Waterman noong sinulat niyang :
“Ang dugo ni Jesus ay nakalilinis sa lahat na mga kasalanan.” Napakamakapangyarihan

ang dugo ni Jesu Kristo!

“Lumapit kayong mga makasalanang, mga naliligaw ng landas at mga nawawalan ng pag-asa, palalayain kayo ng dugo ni Jesus.”

Bakit tayo naliligaw? Bakit kailangan natin ang dugo ni Kristo upang makalaya? Sa hardin ng Eden, nakamit ni Adan at Eva ang pinakamasaklap at pinakamapait na bahagi ng buhay nila at ito din ang naging pinakamasaklap at pinakamapait na bahagi sa buhay ng Sangkatauhan. Nangyayari iyon noong kinain nilang dalawa ang bunga ng kahoy na nakakapagbigay ng kaalaman at kapangyarihang malaman ang tama at mali. At dahil dun, dahil sa hindi nila pagsunod sa Panginoon, nahiwalay tayo galing sa Panginoon, sa ating Ama. Nagiging madumi ang tao, nagiging hindi banal, nagiging maruming basahan tayo.

Genesis 2:16-17 “Sinabi niya sa tao, ‘Makakain mo ang alinmang bungang kahoy sa halamanan, maliban sa bunga ng punong kahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Huwag na huwag mong kakanin ang bungang iyon; namamatay ka kapag kumain ka niyon.’”

Napakamakapangyarihang salita! Sabi ng Diyos kay Adan noong araw na kumain siya sa ipinagbabawal na bungangkahoy, “Mamatay ka Adan” at agad agad namatay si Adan. Ang Kapitulo 13 ay nagsasabi sa atin tungkol sa pagkakahulog ni Adan at sa Sangkatauhan sa kasalanan. Ang kahulugan sa salitang “namatay” dito ay ang pagkawalay sa Panginoon; ibig sabihin din nito ang kaluluwa ng sangkatauhan ay namatay nung nahuhulog sa kasalanan si Adan.

Ang ibig sabihin ng dugo ay buhay, at para mabuhay muli ang kaluluwa at makiisa sa ating Diyos na Ama, kailangan natin ang perpektong sakripisyo, ang perpektong karnero, dugo ng Diyos. Kailangang ito’y dugo na galing sa isang perpekto, banal at dalisay. Ang taong ito ay binhi ng tao dahil ang binhi ng tao ay magnanakaw, at ang kaluluwa ng tao ay patay na. Kailangang ito’y galing sa anak ng Diyos na buhay. Kaya nga pinunla ang binhi ng Diyos kay Birheng Maria, ang babaeng birhen, dahil hindi makakaligtas ang tao sa sarili niya.

1 Pedro 1:23 “Sapagkat muli kayong isinilang, hindi sa pamamagitan ng tao kundi sa bisa ng buhay at walang kamatayang salita ng Diyos.” TPV

Hindi ba galing kay Maria ang dugo ni Jesus? Hindi, dahil ang bata ay nagkakaroon ng sarili niyang dugo, at hindi ito dugo sa kanyang ama at ina. Ang DNA na nasa atin ay galing sa ating mga magulang. Ito yung dahilan kung bakit nagiging kamukha tayo sa isa o sa ating mga magulang, natanggap natin mula sa kanila ang ating mga mga buhok at kulay ng mata.

Ang dugo ni Kristo ay nakakapaglinis, nakakapagbigay ng buhay na walang hanggan, ito’y may kapangyarihan, at ito din ang nakakapagpabalik sa kaluluwa ng tao upang mabuhay muli. Kung tatanggapin mo si Jesu Kristo bilang iyong Panginoon at Manliligligtas, at pagsisihan ang mga kasalananang nagawa, lilinisin ng dugo ni Jesus ang lahat ng mga kasalanan at kamalian. Hindi naglilista ng mga kamalian natin ang ating Panginoon dahil sa tuwing nagkakasala tayo at at tayo’y kanyang pinapatawad, nilinis na niya tayo at tayo’y nagiging bago na. Sa pamamagitan ng dugo ni Kristo, nagagabayan ka ng ating Ama na nasa Langit, ngingitian ka niya at aalagaan dahil ikaw ang nawawalang anak niya na nagbabalik. Lumapit ka sa ting Panginoon.

Isa akong tubero, tumutulong ako sa pagpapatayo ng malalaking gusali at trabaho ko ang pagpapatay sa linya ng tubo malaki man ito o maliliit. Bago ibigay sa may-ari ang aming nagawa, kailangang tingnan at suriin muna kung wala bang tagos sa linya. Kailangang padaluyin muna ng tubig ang mga linya ng tubo. Ginagawa naming ito sa tatlong dahilan: Una, titingnan sa may-ari kung ang mga koneksiyon sa tubo ay

makakatagal sa lakas ng daloy ng tubig; Pangalawa, titingnan din kung ang joint na koneksiyon ay welded ba o threaded para sa tagas ng tuig; at Pangatlo, para maalis ang kung ano mang bagay na posibleng babara sa tubo para hindi ito makakaperhuwesyo kung gagamitin na ito.

Ganun din ang dugo ni Kristo, nililinis niya tayo. Padadaluyin niya ng malakas para malinis ng lubos ang lahat ng mga kasalanan at kamalian natin. Kapag nagsisi ka na, nakokonekta ka sa daluyan ng lakas na nasa langit, si Jesu Kristo at ang kanyang makapangyarihang dugo na naglilinis sa atin. Oh Ang Dugo ni Jesus na naglilinis sa lahat ng kasalanan,...Na kahit gaano pa katindi at kadami ang mga kasalanan mo, ang dugo ni Jesus ang maglilinis sayo at ibalik niya ang maganda mong relasyon sa Kanya. Oh ang dugo ni Jesus ang nakakapaglinis sayo.

Kung hindi mo pa tinanggap si Jesu Kristo bilang iyong sariling Tagapagligtas, Iimbitahan ko kayo na sundin ang simpleng panalangin na ito, at isapuso ninyo ito: Handa ka bang tanggapin si Kristo bilang Sariling Tagapagligtas? Kung gayon manalangin tayo:

Jesus ako'y makasalanan. Hinihingi kong patawarin mo ako sa aking mga kasalanan at pumasok ka sa aking puso at linisin mo ako sa iyong dugo sa lahat ng mga kamalian ko. Nananiwala ako ng buong puso at kaluluwa na ikaw ang Anak ng Buhay ng Diyos, at nananiwala ako na ikaw ay muli Niyang binuhay galing sa kamatayan. Ibibigay ko sayo ang aking buhay at hinihiling kong gabayan mo ako sa aking buhay simula ngayon at sa darating pa. Hinihiling kong pumasok ka sa aking puso ngayon. Salamat Jesus sa pagpakamatay mo sa krus dahil sa aking mga kasalanan. Salamat Jesus at ako'y nilinis mo at niligtas mo ang aking kaluluwa. Amen.

Simple lang at kapag nananalangin ka na sa panalaging ito ng buong puso, ngayon ay ligtas ka na. Magbasa ka ng Bibliya at alamin at hanapin kung ano ang ibibigay ng Diyos para sayo.

Narito sa ibaba ang link sa Gaither Vocal Band. Para sa akin, napakaganda ng pagkagawa nila sa kantang ito. Madidinig ninyo ito sa YouTube.

http://www.youtube.com/watch?v=LDnV_Nix1Qo&NR=1

Written by: Rev. Ronald L. Alfredson

Translated by: Ptr. Maria Starlit G. Genelaso

©2012 Living Truth MiniCopyrights. All Rights Reserved